

**Proyekto para sa Suporta sa Edukasyon ng mga
Batang May Lahing Dayuhan 2024**

**Akademiko/ Daan para sa kinabukasan
~Patnubay sa pagpili ng kurso**

~Ano ang iyong plano pagkatapos ng junior high school?~

Nilalaman

- I. Ukol sa Sistema ng Paaralan sa Japan
- II. Pagpapatuloy ng Pag-aaral Pagkatapos ng Junior High School

Mga Tanong at Sagot (Q&A)

- III. Mga Pinagkunang Materyales

I. Ukol sa Sistema ng Paaralan sa Japan

1. Sistema ng edukasyon sa Japan

Ang pag-aaral sa elementarya at junior high school (*chūgakkō*) sa Japan ay isang obligasyon (pananagutan).

Obligadong Edukasyon	6 anyos	Elementarya (6 taon)					Obligadong edukasyon (9 taon)
	* 3						
	12 anyos	Junior High School (3 taon)					
	15 anyos						
18 anyos	Mataas na Paaralan (Senior H.S.) (3 taon) *1			Specialized Training School (1 taon pataas) *2	Vocational School (1 o 2 taon)	Technical School (5 taon)	
	22 anyos	Pamantasan (4 ~ 6 taon)	JuniorCollege (2 taon)	Technical College (1 taon pataas) * 2			
	Graduate school (1~5 taon)						


(*1) Karaniwan ang 4 na taon upang makumpleto ang mga kurso ng part-time(*teijisei*), subalit maaaring makapagtapos sa loob ng 3 taon kung pagsasabayin ang pag-aaral ng part-time at correspondence course(*tsuushinsei*).

(*2) Mayroon ding mga kurso sa pananamit, karununganang pantahanan, pangangalakal, industriya, medisina, kultura, atbp.

(*3) Hindi sapilitan ang pag-aaral para sa mga batang mag-aaral na dayuhan ang nasyonalidad.

2. Pagpili ng kurso pagkatapos ng junior high school

Ang mga kursong maaaring pagpilian pagkatapos ng junior high school ay nakalarawan sa ibaba:



II. Pagpapatuloy ng Pag-aaral Pagkatapos ng Junior High School

May iba't-ibang paraan sa pagpapatuloy ng pag-aaral pagkatapos ng junior high school. Maaaring piliin ang pag-aaral sa senior high school, specialized vocational school, special training school, o technical school. Maaari ring mag-aral habang nagtatrabaho sa pamamagitan ng part-time (*teiji-sei*) o correspondence course (*tsūshin-sei*). Sumangguni sa inyong mga guro para sa mga detalye.

1. Pagkakaiba ng junior at senior high school

Dahil ang pag-aaral ng junior high school ay isang obligasyon, bilang patakaran, ang lahat ng mag-aaral ay kusang aakyat sa susunod na antas. Sa senior high school, maaaring di makatuntong sa susunod na baitang ang isang mag-aaral na mababa ang marka o maraming pagliban sa klase. Bawat paaralan ay may kani-kaniyang alituntunin.

2. Maaari bang kumuha ng pagsusulit sa senior high school ang kahit sinuman?

- (1) Maaaring kumuha ng pagsusulit ang sinumang may 15 anyos pataas ang edad at nakapagtapos sa isang junior high school sa Japan o kaya naman ay nakatapos ng 9 na taong edukasyon sa ibang bansa.

Kung nakapag-aral ng 8 taon sa ibang bansa, kinakailangang:

- ① mag-aral ng 1 pang taon sa paaralan sa Japan, o kaya naman ay
- ② pumasa sa "Pagsusulit ng Pagkilala sa Kakayahan Bilang Katumbas ng Isang Nakapagtapos sa Junior High School (*Chugakko sotsugyo teido nintei shiken*)" na isinasagawa tuwing huling bahagi ng Oktubre taun-taon.

- (2) Ano ang Pagsusulit ng Pagkilala sa kakayahan bilang katumbas ng Isang Nakapagtapos ng Junior High School (*Chugakko sotsugyo teido nintei shiken*)?

Mayroong pagsusulit na ibinibigay ang bansa upang makumpirma na ang mag-aaral ay tunay na may akademikong kakayanang katumbas ng mag-aaral na nagtapos ng junior high school. Ang mga hindi Hapon ang nasyonalidad ay maaaring kumuha ng pagsusulit kung siya ay may 15 taong-gulang o pataas bago matapos ang taon (school year).

Simula ng pagtanggap ng aplikasyon: Hulyo

Para sa mga katanungan: Shiga Prefecture Educational Bureau, Early Childhood and Compulsory Education Division
Tel. 077-528-4665

Sumangguni sa website na ito ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology para sa mga detalye.
(https://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/sotugyo/index.htm)

- (3) Kung babalik sa sariling bansa

Ipagbigay-alam ng maaga sa paaralan at ihanda ang lahat ng mga kinakailangang dokumento (Katunayan ng pagpapatala bilang mag-aaral, kopya ng mga markang nakuha, katunayan ng mga asignaturang pinag-aralan at katunayan ng pagtatapos). Pagkatapos ay kailangan ring sundin ang pamamaraan ng pagkuha ng mga dokumento ayon sa pinagtibay ng Kagawaran ng Kaugnayang Panlabas ng Japan (Japan's Ministry of Foreign Affairs).

3. Uri ng Paaralan

Maaaring hatiin ang senior high school sa Japan sa **pampubliko** at **pribado**. Mahahati naman sa **3 uri** ang mga ito ayon sa oras ng pagpasok, atbp.

(1) Senior High School

- ① Pagkakaiba ng Pampublikong Sr. High School at Pribadong Sr. High School

a) Nakatala sa sumusunod ang mga punto ng pagkakaiba ng pampubliko at pribadong senior high school.

Pampublikong Senior High School
◇Itinatag ng prepektura. ◇Mababa ang gastusin sa pag-aaral ◇Magkasama ang babae at lalaki (co-ed) ◇Ulat ng Marka (*1) at Pagsusuri ng Kakayahan sa Pag-aaral para sa Pagpasok sa Paaralan ◇Pinipili ang mga makakapasok sa simula ng Pebrero at sa Marso

⇔

Pribadong Senior High School
◇Itinatag ng pribadong sektor ◇Mataas ang gastusin sa pag-aaral ◇May paaralang panlalaki, pambabae at co-ed (magkakasamang pag-aaral) ◇Pinahahalagahan ang Pagsusulit (<i>entrance exam</i>) at Interview ◇Maaaring pumili sa 2 paraan ng pagkuha ng pagsusulit: exclusive application (<i>sen-gan</i>) o multiple application (<i>hei-gan</i>) (*2) ◇Pinipili ang makakapasok sa simula ng Pebrero (sa Shiga prefecture)

<Paliwanag ng mga Salita sa Talaan>

(*1) Ulat ng Marka

Ang markang makakaapekto sa magiging kurso ng pag-aaral ng isang mag-aaral ay binabatay sa nakuhang grado sa 9 na asignatura (subject) na may 5 antas ng pamantayan sa loob ng 3 taon sa junior high school. Ang ulat ng marka na ito ay ibibigay at gagawing batayan sa papasukang senior high school.

(*2) Exclusive application / Multiple application

Ang exclusive application ("sengan") ay isang paraan ng pag-a-apply sa isang pribadong sr. high school kung saan ikaw ay nangangakong pumasok dito sa oras na ikaw ay pumasa sa kanilang pagsusulit at hindi na maaaring kumuha pa ng pagsusulit sa isang publikong sr. high school pagkatapos nito. Samantalang sa multiple application ("heigan"), kahit na matapos pumasa sa isang pribadong sr. high school, at pumasa rin sa pagsusulit sa isang publikong sr. high school, kinakailangang pumasok sa publiko at hindi sa pribadong sr. high school.

b) Full-time course (*zen-nichi-sei*), part-time course (*teiji-sei*) at correspondence course (*tsūshin-sei*)

Ayon sa oras at pamamaraan ng pag-aaral, mayroong sumusunod na uri ng senior high school. Sa full-time (*zen-nichi-sei*) ay maghapon ang pasok sa paaralan. Sa part-time (*teiji-sei*) naman ay may pang-araw at may pang-gabi. Sa correspondence course (*tsūshin-sei*) ay maaaring mag-aral sa sariling bahay gamit ang mga materyales sa pag-aaral, TV, atbp. Magpapasa ng report at tatanggap ng pamamatnubay sa pamamagitan ng interview sa mga araw na tulad ng Linggo. Para sa part-time course at sa correspondence course, mayroon ding mga paaralang ang sistema ay binabatay sa bilang ng unit na kinuha at hindi sa baitang (academic year).

② Mga Kurso (subject) sa senior high school

Mayroong mga kursong nakatuon sa pangkalahatang edukasyon (regular na kurso/Mori no Tankyu-ka (Pagsasaliksik ng Kagubatan)/Mirai Kyosou-ka(Kakayahang lumikhang-magkatuwang sa hinaharap)), edukasyong bokasyonal (agrikultura, industriya, komersyo, karunungan pantahanan, pangangalaga, pagkakawanggawa, atbp.), at hindi bokasyonal na pang espesyalisadong edukasyon (agham at matematika, musika, sining, pam-pisikal na edukasyon, atbp.).

Bilang karagdagan, mayroong isang pangkalahatang departamento na nahahati sa mga serye at nagbibigay ng espesyal na pag-aaral.

(2) Iba pang Institusyon ng Pag-aaral

① Techno College (Mga Paaralang Teknikal ng Lalawigan ng Shiga)

Ang mga pasilidad na ito ay naglalayon upang makapagtamo ng kinakailangang kaalaman at kakayahang teknikal upang makapagtrabaho. Mayroong 2 ganitong pasilidad sa lalawigan ng Shiga : ang Maibara Techno College at ang Kusatsu Techno College na nagsasagawa ng 6 hanggang 1 taong pagsasanay para sa mga kabataang nais na magtrabaho o sa mga nais na magpalit ng trabaho.

Tumatanggap ng aplikasyon ng mga bagong nagtapos sa junior high school sa mga sumusunod na kurso.

Pangalan ng Paaralan	Panahon ng Pagsasanay	Kursong Pang-hanapbuhay	Mga bagong nagtapos na mga JHS
Techno College Maibara (Paaralang Teknikal ng Maibara)	1 taon	Arkitektura sa paggawa ng mga gusaling kahoy	Humigit-kumulang hanggang 5 mag aaral lamang
Techno College Kusatsu (Paaralang Teknikal ng Kusatsu)	1 taon	Pagdisenyo ng Damit Proseso ng Paggawa ng Bakal	Humigit-kumulang hanggang 5 mag aaral lamang Humigit-kumulang hanggang 5 mag aaral lamang

② Paaralang Bokasyonal at Sari-saring Paaralan

Maliban sa high school, marami pang ibang institusyon tulad ng Vocational Schools na nagbibigay ng praktikal na kaalaman, Special Training Schools na nagtuturo ng mga iba't ibang espesyalisasyon. May mga paaralan kung saan maaring matutunan ang bookkeeping, pagkalkula gamit ang abacus, Ingles, kompyuter, mekaniko, maging tagapagluto (cook)/nutrisyonista, care-giver, nars, barbero, hair dresser, at iba pa.

Mayroong 2 paaralang bokasyonal sa Shiga na tumatanggap ng mga nakapagtapos sa junior high school tulad ng nakasulat sa ibaba nito.

Paaralang Bokasyonal na may mga Advanced Courses na Maaaring Pasukan ng mga Nagtapos sa Jr. High School
(Mga aprubadong special training schools ng Lalawigan ng Shiga noong Hunyo, 2024 hanggang sa kasalukuyan)

Pangalan ng Paaralan		Kinaroroonan	Kurso (Tagal ng Pag-aaral)	Mga nakikipagtulungan para sa Kakayahang Teknikal
Paaralang Bokasyonal	Otsu Medical Association Nursing School	lungsod ng Otsu	Practical Nursing (2 taon)	
	Kouyoudai Minakuchi Vocational School	lungsod ng Kōka	Pananamit (3 taon)	Mataas na Paaralan ng Kōyōdai


(3) Hanapbuhay at Kwalipikasyon (Lisensya)

May mga trabahong kailangang kumuha ng pambansang pagsusulit at pumasa rito upang makapag-apply. Mayroon namang mga pagsusulit na may mga kondisyon bago makakuha nito tulad ng natapos na edukasyon, mayroong hindi kailangan ang pinagdaanang edukasyon, mayroong walang limitasyon ang naabot na edukasyon subalit kailangan ng kaalamang katumbas ng nakapagtapos ng mataas na paaralan o pamantasan. Kinakailangang mabatid ang iba't-ibang kondisyon ayon sa trabahong nais pasukan.

Ang sumusunod ay ilang halimbawa na nagpapaliwanag sa mga kwalipikasyon at ang kaukulang trabahong maaaring pasukin:

- ① Halimbawa ng trabaho na maaaring pasukan ng isang nagtapos sa junior high school: lisensyadong tagapagluto, taga-ayos ng buhok, taga-gupit ng buhok, atbp.
- ② Mga trabahong nangangailangan ng pagtatapos sa isang pamantasan o katumbas na kaalaman o kahusayan: doktor, dentista, beterinaryo, parmaseyutiko, guro, hukom, abogado, sertipikadong accountant, tagapayo para sa mabuting pamumuhay, tagapangasiwa sa edukasyong panlipunan, sertipikadong opisyal para sa kapakanan ng mga bata, atbp.
- ③ Halimbawa ng mga lisensyadong hanapbuhay na maaaring makinabang ang mga nakapagtapos ng pangkalahatang kurso sa senior high school: nurse, nursery teacher, empleyado ng pamahalaan, tagapangasiwa ng aklatan, public health nurse, komadrona, atbp.
- ④ Halimbawa ng lisensyadong hanapbuhay na maaaring makinabang ang mga nakapagtapos ng kurso sa industriya sa senior high school: gas welder, boiler operator, lisensyadong electrician (type 1, 2, 3), arkitekto (level 1, 2), mekaniko ng kotse (level 2, 3), atbp.
- ⑤ Halimbawa ng lisensyadong hanapbuhay na maaaring makinabang ang mga nakapagtapos ng kursong bokasyonal sa senior high school: kontador ng buwis, notaryo publiko, sertipikadong kasangguni sa panlipunang seguro, dalubhasa sa information technology, sertipikadong welfare worker, atbp.

Inilalarawan sa sumusunod ang mga hakbang sa pagkuha ng lisensya ng tagapagluto at abogado.



* Ukol sa Probisyon hinggil sa Nasyonalidad

“Ito ang tawag sa probisyon na nagsasaad na kinakailangang maging isang Hapon ang nasyonalidad bilang isa sa mga kondisyon sa pagkuha ng pagsusulit para makapagtrabaho bilang regular na empleyado ng pamahalaan na may kinalaman sa paggamit ng kapangyarihan ng pamahalaan o sa paglahok sa pagbuo ng mga pambansang desisyon.” (Pinagmulan: Free Encyclopedia ‘Wikipedia’)

Sa kasalukuyan, lumalaganap ang mga kilusang naglalayong tanggalin ang probisyon hinggil sa nasyonalidad sa antas ng lokal na pampublikong organisasyon, at niluwagan na rin ito sa larangan ng edukasyon at paggagamot. Mangyaring tiyakin lamang kung ang nasyonalidad ay isang kundisyon sa pagkuha ng pagsusulit sa trabahong nais ninyong kunin dahil nagkakaiba ang mga kondisyon depende sa uri ng trabaho at sa rehiyon.

4. Ukol sa Gastusin sa Pag-aaral

Pagkatapos ng junior high school, kinakailangan ang magbayad ng mga “gastusin sa pag-aaral” (o gastusing pang-edukasyon) upang makapag-aral sa katulad ng senior high school. Sa simula ay kailangang magbayad ng “examination fee” upang makakuha ng pagsusulit sa pagpasok (o entrance exam), ang “admission fee” ay kailangan ding bayaran upang makapasok sa isang paaralan. Dagdag pa rito, kinakailangan ding magbayad ng itinakdang halaga ng matrikula (“tuition fee”) taon-taon.

Kadalasan, kailangan ding magbigay sa mga pribadong senior high school ng “Bayad para sa Pagpapahusay ng Pasilidad” (kailangan para sa pagtutustos ng gusali at mga kasangkapan ng paaralan) at “Bayad sa Laboratoryo at Praktikal na Pagsasanay” sa mga paaralang bokasyonal. Ang mga ito ay kinakailangang bayaran sa paaralan at tinatawag na “Bayarin sa Paaralan.” Bukod pa rito, kahit na sa mga pampublikong senior high school ng lalawigan ay mayroon ding mga ganitong bayarin na tulad ng para sa mga libro (textbook).

Malaki ang pagkakaiba ng kinakailangang bayaran depende sa uri at larangan ng paaralan at kung ito ay pampubliko o pribado. Magsaliksik nang mabuti para sa mga gastusin sa pag-aaral sa paaralang nais na puntahan.

(1) Mga bayarin sa admission screening (pagpili ng makakapasok) at sa enrollment sa paaralan:

	Senior High School ng Prepektura				Full-time sa isang pribadong paaralan (Halimbawa)
	Full-time	Part-time	Credit-based (batay sa kinuhang unit)	Correspondence course	
Bayad sa Pagsusulit	¥2,200	¥950	¥950	0	¥20,000
Bayad sa Pagpasok	¥5,650	¥2,100	¥2,100	¥500	¥150,000
Uniporme	¥40,000 to ¥60,000	0	0 to ¥30,000	0	Mga ¥70,000
Iba pa (tulad ng unipormeng pang-PE) (Halimbawa)	Mga ¥50,000 (Gastusin para sa unang taon)	Mga ¥40,000 (Gastusin para sa unang taon)	Mga ¥25,000 (kasama ang materyales sa pag-aaral)	Mga ¥20,000 (kasama ang materyales sa pag-aaral)	Mga ¥70,000
Total	Mga ¥100,000	Mga ¥43,000	Mga ¥28,000	Mga ¥20,000	Mga ¥310,000

* Kailangang bayaran ang mga bayarin sa enrollment hanggang sa araw ng pagsisimula ng pagpasok sa paaralan.

(2) Matrikula at iba pang taunang bayarin

	Senior high school ng prepektura				Full-time sa isang pribadong paaralan (Halimbawa)
	Full-time	Part-time		Correspondence course	
		Non credit-based	Credit-based (batay sa kinuhang unit)		
Matrikula (Taunan)	¥118,800	¥32,400	¥1,750 (bawat unit)	¥330 (bawat unit)	Mga ¥396,000
Bayad para sa PTA, atbp. (Taunan)	Nagkakaiba ayon sa paaralan, kurso, asignatura, atbp.				Mga ¥20,000
Reserbang pondo para sa Field Trip (Taunan)	Nagkakaiba ayon sa paaralan, kurso, asignatura, atbp.				Mga ¥100,000
Iba pa (Taunan) Libro, Materyales sa Pag-aaral, atbp.	Nagkakaiba ayon sa paaralan, kurso, asignatura, atbp.				Bayad para sa pasilidad at mga kagamitan Mga ¥200,000
Total	Nagkakaiba ang bawat paaralan				Mga ¥716,000

※ Itinatakdang ng bawat senior high school ang bayad sa materyales sa pag-aaral tulad ng textbook, bayad para sa PTA, at pondong inilalaan para sa field trip, atbp.

※ Ang mga mag-aaral na gumagamit ng JR, pribadong tren, bus, atbp., ay maaaring makabili ng ordinaryong tiket o tiket na may diskuwento (commuter pass) para sa pamasahang pagpasok sa paaralan.

※ Ukol sa sistema ng suporta para sa matrikula (Oras ng pagpasok buwan ng Abril)

Ang sistemang “Pinansyal na suporta para sa pagpasok sa senior high school” ay nagkakaloob ng suporta para sa matrikula sa mga mag-aaral sa senior high school maging ito ay pambansa, pampubliko o pribado man. Ang mga magulang o tagapangalaga na may mas mababa sa mahigit-kumulang na 9.1 milyong yen na kita sa loob ng isang taon* ay maaaring makatanggap nito para sa mga gastusin sa paaralan. Binibigyan din ng karagdagang suporta ang mga sambahayang may mas mababa sa sa mahigit-kumulang 5.9 milyong yen* na kita sa loob ng isang taon na may mga estudyante sa isang pribadong senior high school batay sa kita ng mga magulang o tagapangalaga. Hindi kailangang isaali ang tinanggap na “Pinansyal na suporta para sa pagpasok”.

※ Tungkol sa bukod na sistemang suporta para sa mga ibang bayarin sa paaralan (kada taon pagkatapos ng pagpasok sa buwan ng Hulyo)

Mayroong “Karagdagang pondo para sa mga scholar” na ibinibigay sa mga estudyante para sa mga gastusin sa edukasyon bukod sa matrikula para sa isang sambahayang mababa ang sinasahod (ang tax-exempt na may taunang kita ay mas mababa sa tinatayang mahigit-kumulang sa 2.7 milyong yen*), kailangang mayroong estudyante sa high school na nag-enrol ng Abril 2014 (Heisei 26) o pagkaraan nito (iyong mga sakop ng pagtanggap ng pinansyal na suporta sa pagpasok sa paaralan, maliban ang special education high school) at ang mga magulang o tagapangalaga ay nakatira sa sinasakop ng Shiga.

→ Makipag-ugnayan sa inyong paaralan pagkatapos mag-enroll para sa mga detalye.

※ Batay sa kabuuang kita ng Magulang o Tagapang-alaga na maaring buwisan (karaniwang kita na maaring buwisan). Ito ay ibinabatay sa sambahayang may 4 na miyembro na isa sa magulang o tagapang-alaga ang nagtatrabaho na may taunang kita na humigit-kumulang 9.1 milyong yen, 5.9 milyong yen at 2.7 milyon yen at may isang mag-aaral sa senior high school (edad 16 o higit pa) at isang mag-aaral sa junior high school.

5. Sistema ng pagbibigay ng scholarship

Para sa mga estudyanteng nahihirapang magpatuloy ng pag-aaral sa kadahilanang pang-pinansyal, mayroong sistema ng scholarship na makatutulong para sa gastusin sa pag-aaral. May mga itinakdang limitasyon sa pinansyal na kalagayan ng mag-aaral, ngunit maaaring sumangguni sa paaralan ukol dito.

Ang sumusunod ay ang buod ng sistema ng bawat scholarship. Para sa mga detalyadong impormasyon tulad ng kondisyon, batayan, paraan ng pagsasauli ng scholarship (o pondo), atbp., makipag-ugnayan ng direkta sa mga kinauukulan.

Pangalan ng scholarship / loan	Buwanang halagang ipinahihiram (walang interes)	Panahon ng Pag-a-apply	Maaaring makipag-ugnayan (Telepono)
Shiga Prefecture Scholarship (Shiga-ken shougaku shikin)	○ Scholarship (Buwanang halaga) Pambansa, pampublikong paaralan, nakatira sa sariling bahay: ¥18,000 Pambansa, pampublikong paaralan, di nakatira sa sariling bahay: ¥23,000 Pribadong paaralan, nakatira sa sariling bahay: ¥30,000 Pribadong paaralan, di nakatira sa sariling bahay: ¥35,000 ○ Pondo sa pagpasok (Minsanang Bayad) Batayang(basic) halaga: ¥50,000 Karagdagang halaga para sa pribadong paaralan: ¥150,000 (Hindi lalampas sa halaga ng bayad sa pagpasok o admission fee). ○Pundong pambili para sa mga elektronikong kagamitan (pang isahang-beses) Halaga na katumbas ng mga gastusin na kinakailangan para sa pagbili ng isang elektronikong kagamitan, (gayunpaman, ang halaga ay limitado lamang hanggang 150.000 yen) * Tungkol sa mga pondo para makabili ng mga electronics device, nakalkula namin ang pinakamataas na halaga na 150,000yen.	Tanggapan ng reserbasyon sa aplikasyon (nasa 3 baitang sa JHS) :Buwan ng Septyembre Pag-a-apply ng mga estudyanteng dati nang nag-aaral: walang itinakdang panahon (kung kailan kinakailangan)	Makipag-ugnayan sa senior high school kung saan naka-enrol o sa Shiga Prefectural Educational Bureau, General Education Division TEL: 077-528-4587
Pinansyal na tulong para sa part-time at correspondence course sa senior high school ng Shiga(Shiga-ken koto gakkoto teijisei katei oyobi tsushinsei katei shugaku shoreikin)	Senior high school ng Prepektura (part-time,correspondence course) Pribadong senior high school (correspondence course) ¥14,000 Pribadong senior high school (part-time) ¥29,000	Buwan ng Oktubre	Makipag-ugnayan sa senior high school kung saan naka-enrol o sa Shiga Prefectural Educational Bureau, General Education Division TEL: 077-528-4587
Pondong Pautang para sa pangkabuhayan sa buhay (Suportang Pinansiyal para sa Edukasyon)	○Pinansiyal na tulong (Buwanan) Mataas na Paaralan sa loob ng ¥35,000 Pang-Teknikal na Mataas na Paaralan Sa loob ng ¥60,000 ○Pahiram na tulong piansiyakl sa loob ng (Lump sum) ¥500,000	Kahit anong oras	Shiga Prefectural Council of Social Welfare TEL:077-567-3903
Samahan ng pagbibigay ng scholarship para sa mga batang inulila ng mga biktima ng aksidente sa trapiko (kotsu iji ikueikai)	Maaaring mamili ang aplikante sa buwanang halaga ng mula sa ¥20,000 / ¥30,000 o ¥40,000	Tanggapan ng reserbasyon sa aplikasyon (nasa 3 baitang sa JHS) * Maaari ring mag-apply kahit nakapag-enrol na	Samahan ng pagbibigay ng scholarship para sa mga batang inulila ng mga biktima ng aksidente sa trapiko TEL: 0120-521286
Scholarship para sa mga naulila sanhi ng sakuna sa trapiko (traffic accidents)	Buwanang halaga ¥10,000 (Hindi kinakailangang bayaran.)	Kahit kailan pagkatapos pumasok sa Oritsurukai	Orizurukai, Shiga Prefecture Sangay sa pagpapanatili ng mga daan(Doro-hozenka) TEL: 077-528-3682
Ashinaga Scholarship Association (ashinaga ikueikai) (para sa mga inulila ng mga biktima ng sakuna o sakit)	Pambansa at pampublikong senior high school : ¥25,000* Pribadong senior high school: ¥30,000* Paaralang Bokasyonal, Iba pang Paaralan ¥40,000* *Katumbas sa pautang na halaga	Tanggapan ng reserbasyon sa aplikasyon (nasa 3 baitang sa JHS) * Maaari ring mag-apply kahit nakapag-enrol na	Ashinaga Scholarship Association Scholarship division TEL: 03-3221-08885 URL:https://www.ashinaga.org

Pangalan ng scholarship / loan	Buwanang halagang ipinahihiram (walang interes)	Panahon ng Pag-a-apply	Maaaring makipag-ugnayan (Telepono)
The Society of Mary Saint Joseph Scholarship Fund (koeki shintaku katorikku Maria kai Sento Josefu shogaku kin ikuei kikin)	Buwanang halaga ¥20,000 (Hindi kinakailangang bayaran.) Ipagkakaloob hanggang makatapos ng elementarya, junior at senior high school)	mula Mayo 27 hanggang Hulyo 5 (para sa pag-a-apply sa taong 2024)	<u>Bilang patakaran, kinakailangang padaanin ang aplikasyon sa namamahala ng scholarship sa paaralan.</u> Mag-apply sa The Society of Mary (Catholic) Saint Joseph Scholarship Fund at sa Mitsui Sumitomo Trust Bank Group of Retail Commissioned Business TEL: 03-5232-8910

* Bukod dito, mayroon ding mga pribadong senior high school na may sariling sistema ng scholarship, pagbawas o paggagawad ng libreng matrikula. Sumangguni sa inyong guro, at magtanong ng direkta sa paaralan ukol sa uri ng sistema, panahon ng pag-a-apply, atbp.

* Mayroon ding mga pampublikong samahang lokal na nagsasagawa nito. Magtanong sa inyong guro.

* Ang pagbabayad ng hiniram na halaga sa sistema ng scholarship ay isang obligasyon.

6. Paraan ng Pagpili ng mga Aplikanteng Makakapasok sa Senior High School

(1) Uri ng Pagpili ng mga aplikante

Mayroong 3 uri ng pagpili: “Karaniwang pagpili”, “Pagpili batay sa rekomendasyon”, “Natatanging (special) pagpili” at “Pagpili batay sa rekomendasyon nauukol sa isport, kultura at sining”

“Karaniwang pagpili” — pagpili na binabatay sa marka ng pagsusuri ng kakayahan sa pag-aaral at sa personal evaluation report. Maaari ring magkaroon ng interview at praktikal na pagsusulit.

“Pagpili batay sa Rekomendasyon”— pagpili na binabatay sa isa o dalawa sa mga sumusunod na pagsusuri: interview, komposisyon o praktikal na pagsusulit.

“Natatanging Pagpili”(Special selection) — pagpili na binabatay sa 2 o higit pa sa mga sumusunod na pagsusuri: pangkalahatang katanungan, maikling sanaysay, pagsusulit na sasagutin ng pasalita (oral) at praktikal na pagsusulit.

“Pagpili batay sa rekomendasyon nauukol sa isport, kultura at sining” — pagpili na binabatay sa 1 o higit pa sa mga sumusunod na pagsusuri: praktikal na pagsusulit at interview, komposisyon o maikling sanaysay. Sa mga paaralan na gumagawa ng “Natatanging pagpili” maaaring isama ang pangkalahatang katanungan para sa “Natatanging pagpili”.

* Maaaring matunghayan ang mga katanungan sa ginanap na pagsusulit para sa pagpili ng mga papasok sa senior high school sa Shiga noong nakaraang taon sa website ng Shiga Prefectural Board of Education.

(URL: <https://www.pref.shiga.lg.jp/edu/nyuushi/high/senbatsu/105597.html>)

(2) Paghingi ng Konsiderasyon sa Pagpili ng mga Aplikanteng Makakapasok sa Senior High School ng Prepektura

Para sa mga dayuhang estudyante na nagnanais na humingi ng konsiderasyon sa pagpiling gagawin para makapasok sa senior high school sa prepektura, kinakailangan ang magpasa sa paaralang nais na pasukan ng “Kahilingan ng Natatanging Konsiderasyon para sa mga Dayuhang Estudyante o mga Estudyanteng Nagbalik sa Japan Mula sa Ibang Bansa”(Kaigai kikoku sochinegai). Sa pamamagitan ng pinapasukang junior high school, sumangguni sa nais na pasukan senior high school sa mga detalye ng inyong mga nais na hilinging konsiderasyon.

* Ang mga maaaring magpasa ng “Kahilingan ng natatanging konsiderasyon para sa mga dayuhang estudyante o mga estudyanteng nagbalik sa Japan mula sa ibang bansa”(Kaigai kikoku sochinegai): Sinumang estudyante na nagbalik sa Japan mula sa ibang bansa o dayuhang estudyante na umaayon sa alinman sa sumusunod na ① o ②

① Panahon ng pananatili sa Japan: Hindi dapat na lumapas sa 6 taon ang panahon mula nang bumalik o dumating sa Japan hanggang sa Pebrero 1, 2025.

② Panahon ng Paninirahan sa Ibang Bansa: Dapat na nanirahan ng tuloy-tuloy na 1 taon o mas matagal pa sa ibang bansa bago bumalik (para sa mga Hapon) o bago dumating sa Japan (para sa mga dayuhan).

Mga detalye ng hinihiling na konsiderasyon: Depende sa kani-kaniyang kaso, maaaring lagyan ng “Kana” ang mga Kanji characters sa mga katanungan sa pagsusuri ng kakayahan sa pag-aaral, maaaring pahabain ang oras, maaaring magdala ng diksiyonaryo na gagamitin sa pagsasalin ng mga salitang dayuhan at Nihongo (Maaaring magdala ng hanggang 2 diksiyonaryo, subalit hindi pinapayagan ang mga diksiyonaryong mayroong Ingles.)

7. Schedule ng Pagkuha ng Pagsusulit (ika-3 taon sa Senior High School) (Halimbawa)

Hulyo	Tatluhang pag-uusap (konsultasyon sa pagitan ng estudyante ng junior high school, magulang /tagapangalaga at guro)
Agosto	Trial lessons sa senior high school
Simula ng Setyembre	Pagsusulit ng kakayahan (ginaganap ng 7-8 beses sa bawat taon)
Oktubre	Mid-term test
Nobyembre	Final test
Kalagitnaan ng Disyembre	Tatluhang pag-uusap (konsultasyon upang pagpasiyahan kung saang senior high school kukuha ng pagsusulit ang estudyante ayon sa kanyang marka at sa nais niyang pasukang paaralan.)
Kalagitnaan ng Enero	Pag-a-apply sa pribadong paaralan sa prepektura (Aplikasyon sa Pagsusulit)
Huling bahagi ng Enero	Pag-a-apply upang makapasok sa paaralan ng prepektura sa pamamagitan ng “Pagpili batay sa Rekomendasyon”, “Natatanging Pagpili” (special selection) at “Pagpili batay sa rekomendasyong nauukol sa isport, kultura at sining”
Simula ng Pebrero	Pagsusulit sa pribadong paaralan sa prepektura Pagpapahayag ng resulta ng pagsusulit sa pribadong paaralan sa prepektura Pagsusuri para sa pagpili batay sa rekomendasyon, natatanging pagpili at pagpili batay sa rekomendasyong nauukol sa isport, kultura at sining ng mga aplikante sa paaralan ng prepektura (pamimili ng mga papasok sa paaralan)
Kalagitnaan ng Pebrero	Pagbibigay-alam ng mga nakapasang aplikanteng makakapasok sa paaralan ng prepektura sa ginawang pagpili batay sa “Rekomendasyon”, “Natatanging Pagpili” at “Pagpili batay sa rekomendasyong nauukol sa isport, kultura at sining” Pag-a-apply para sa karaniwang pagpili ng mga aplikante para sa paaralan ng prepektura
Huling bahagi ng Pebrero	Pagbabago sa aplikasyon para sa karaniwang pagpili ng aplikanteng makakapasok sa paaralan ng prepektura (tulad ng pagbabago sa nais na pasukang paaralan)
Simula ng Marso	Pagsusuri sa kakayahan sa pag-aaral para sa mga aplikante ng karaniwang pagpili para sa paaralan ng prepektura (Unang Pagsusuri para sa Pagpili)
Kalagitnaan ng Marso	Pagpapahayag ng mga pumasa sa karaniwang pagpili ng mga aplikanteng makakapasok sa paaralan ng prepektura Ikalawang pagpili ng mga aplikanteng nais pumasok sa paaralan ng prepektura (isinasagawa lamang ng mga senior high school na hindi nakaabot sa takdang bilang ng mag-aaral.
Huling bahagi ng Marso	Ikalawang Pagsusuri para sa Pagpili Pagpapahayag ng mga pumasa sa ikalawang pagpili
Simula ng Abril	Pagpasok sa senior high school

[Salitang May kinalaman sa Pagsusulit sa Pagpasok sa Paaralan]

“**Gansho**” (Papeles para sa Pag-apply) – Papeles na ipapasa para makakuha ng pagsusulit

“**Shibōkō**” (Paaralang Nais Pasukan) – Pangalan ng sr. high school na kung saan nais na kumuha ng pagsusulit upang makapasok.

“**Shutsugan**” (Pag-a-apply) – Pagpasa ng mga papeles ng aplikasyon sa nais na pasukang paaralan

“**Chōsasho**” (Ulat ng Marka) – Dito nakatala ang mga marka, pagpasok at pagliban sa klase (attendance), mga aktibidad na sinalihan sa junior high school (pagsali sa mga komite o pagtanggap ng mga award)

“**Sen-gan**” (Exclusive application) – Ito ay pagkuha ng pagsusulit sa 1 paaralan (sa nais na pasukang paaralan lamang). Kapag kumuha ng pagsusulit sa isang pribadong senior high school sa pamamagitan ng “sen-gan”, kinakailangang pumasok dito sa oras na makapasa subalit mas malaki ang pagkakataong pumasa rito kaysa sa pagsusulit sa pamamagitan ng “heigan”.

“**Hei-gan**” (Multiple application) – Ito ay pagkuha ng pagsusulit hindi lamang sa pinakanais na pasukang paaralan kundi pati na rin sa ibang paaralan din..

- ① Hindi maaari ang sabayang pag-a-apply sa mga senior high school ng prepektura at mga pampublikong senior high school ng ibang prepektura.
- ② Maliban sa pag-a-apply sa isang pribadong senior high school sa pamamagitan ng rekomendasyon (exclusive application), maaaring mag-apply sa senior high school ng prepektura at pribadong senior high school, gayundin sa parehong private senior high school sa pamamagitan ng multiple application kung magkaiba ang araw ng pagsusulit (entrance exam).

“**Kōkōtō Taiken Nyūgaku**” (Trial lessons sa senior high school) –Pagdanas ng pamumuhay sa loob ng nais na pasukang senior high school habang nasa junior high school ang estudyante. Maraming paaralan ang nagpapatupad nito sa bakasyon sa tag-init tuwing Agosto. Mayroon ding mga paaralan na tuwing Sabado at Linggo ng pangalawang semestre ito ginagawa.

「Sansha Mendan (Pag-uusap sa pagitan ng mag aaral-magulang/tagapangalaga-guro)」 : Pag-uusap sa pagitan ng mismong estudyante, magulang o tagapangalaga at ng guro ukol sa kurso ng pag-aaral ng estudyante. Isinasagawa ng karamihan sa mga paaralan ang sansha mendan tuwing Hulyo at Disyembre. Ginaganap sa hangaring alamin ang ninanais ng estudyante para sa kanyang kinabukasan, linawin ang kanyang kasalukuyang layunin, at upang magkaroon ng pagkakaunawaan ang bawat isa.

Maaaring isagawa ang pag-uusap sa anumang oras kahit na hindi araw na itinalaga para sa “sansha mendan” kung ito’y ipagbibigay-alam sa kinauukulan. Kumunsulta agad sa guro ng paaralan kung mayroong alalahanin o problemang nais isangguni.

8. Ukol sa Pamumuhay sa Mataas na Paaralan

May mga iba’t-ibang kaganapan sa paaralan na kailangan puntahan at daluhan ng mga magulang at tagapangalaga, at isa sa mga ito ay ang pagpupulong sa pagitan ng mga magulang at mga tagapangalaga(hogoshakai), mga usapin patungkol sa mga gastusin tulad ng labay-aral ng paaralan/ school trip (shuugaku ryokou) atbp.

[Halimbawa ng mga pangunahing aktibidad sa paaralan sa loob ng isang taon:]

1 Semestre: Pagsisimula ng semestre, Pagpasok sa Paaralan (para sa mga bagong estudyante), Pagsusuri ng Kalusugan, Pagsukat sa Pag-unlad ng Katawan, Field trip, Tatluhang Pag-uusap, Pagsusulit, Pagtatapos ng Klase, Bakasyon sa Tag-init

2 Semestre: Pagsisimula ng semestre, Field day, School festival / Pagtatanghal ng mga Natutunan, Tatluhang pag-uusap, Pagsusulit, Pagtatapos ng Klase, Bakasyon sa Taglamig

3 Semestre: Pagsisimula ng semestre, School tour, Tatluhang Pag-uusap, Pagsusulit, Pagtatapos (*Graduation*), Pagtatapos ng Klase, Bakasyon sa Tagsibol

* Bukod sa paaralang may 3 semestre, mayroon ding mga paaralan na may 2 semestre (1st term at 2nd term)

* Kapag mababa ang marka o maraming pagliban sa klase ang isang estudyante, maaaring hindi ito makaangat mula sa unang taon paakyat sa ika-2 taon, o mula sa ika-2 taon paakyat sa ika-3 taon ng senior high school. Ang pag-ulit sa parehong taon ay tinatawag na “ryūnen” (pananatili sa parehong antas/year).

~Halimbawa ng Isang Karaniwang Araw sa Isang Senior High School~ (Batay sa isang full-time na paaralan)

Nagsisimula ang isang senior high school ng 8:30 at may 4 na klase sa umaga (50 minuto ang bawat klase). Pagkatapos ng tanghalian, may 2 klase sa hapon. May 6 na klase sa loob ng 1 araw. Nagpapalit ng guro bawat klase sa bawat asignatura (subject). Pagkatapos ng klase, mayroong mga aktibidad sa sports at pangkulturang ginaganap. Malayang mamili ang estudyante ng nais niyang salihan. Walang nakalaang pagkain sa tanghali o school lunch (*kyūshoku*), kaya’t maaaring magdala ng baon mula sa bahay, o maaaring kumain sa kapeterya para sa mga paaralang mayroon nito. Karamihan sa mga senior high school ay may uniporme (pamantayang damit) na kailangang isuot sa pagpasok sa paaralan

9. Iba pang bagay

Paghahanap ng trabaho: Ang sumusunod ay isang paraan ng paghahanap ng trabaho.

Paghahanap ng trabaho sa pamamagitan ng Hello Work*(Pamublikong Tanggapan para sa Seguridad ng Paghahanapbuhay) sa tulong ng paaralan.

*Ang Hello Work ay isang lugar na kung saan nagbibigay ng mga mungkahi ukol sa trabaho para sa mga nais maghanapbuhay. Nagsasagawa rin dito ng mga konsultasyon ukol sa pagtatrabaho. (May ilang Hello Work na maaaring sumangguni sa salitang Portuges, Kastila, atbp.)

Mangyaring talakayin ang inyong mga plano para sa hinaharap!sumangguni sa inyong mga guro at magulang.

 Kailangan ko na raw magpasya sa kursong aking kukunin, pero hindi pa ako sigurado.

Maraming uri ng paaralan na tulad ng senior high school, technical college, paaralang bokasyonal, iba't-ibang uri ng paaralan at paaralang pang-hanapbuhay, senior high school na may full-time at correspondence course, atbp. para sa mga nais na magpatuloy ng pag-aaral pagkatapos ng junior high school. Masigasig na sumali sa mga pagpapaliwanag ukol sa pagpili ng kurso, pagbisita sa mga paaralan, sumali sa mga trial lessons sa paaralan, atbp. at mangalap ng impormasyon ukol sa mga paaralan. Pag-isipan ang iyong gustong gawin, likas na hilig, kakayahan, atbp. at magpasya pagkatapos na sumangguni sa guro sa paaralan at sa pamilya. Maaaring pakinabangan ang sumusunod na mga materyales.

* "Yume no Sekkeizu" (Sangay ng Pamublikong Edukasyon, Shiga Prefectural Board of Education)

Nakasalin sa 4 wika: <https://www.pref.shiga.lg.jp/edu/school/tokusyoku/104806.html>

* "Mirai no tame no shinro guidance – Patnubay sa Pagpili ng Kurso para sa Kinabukasan" (SIA)

Wikang Portuges/Kastila/Chinese/Ingles/Tagalog/Vietnamese/Nepalese

<https://www.s-i-a.or.jp/tl/projects/multicultural>

 Pangarap ko ang maging isang nurse. Ano ang dapat kong gawin?

May iba't ibang paraang pwedeng pagpilian. Maaaring magpatuloy sa paaralang bokasyonal o technical school pagkatapos sa junior high school, o maaaring magpatuloy sa isang nursing school, college para sa mga nurse o junior college para sa mga nurse pagkatapos sa senior high school. Alinman ang piliin dito, kinakailangang pumasa sa pambansang pagsusulit. Mayroong mga bokasyonal at technical school sa Shiga. Sumangguni sa inyong guro ukol dito.

 Hindi ako nakatapos sa junior high school subalit nais kong magpatuloy ng pag-aaral sa senior high school.

May pagsusulit na isinasagawa ng minsan sa 1 taon ang pamahalaan upang kilalanin kung ang isang estudyante ay may kakayahan sa pag-aaral na katumbas ng isang nakapagtapos sa junior high school. Kapag nakapasa rito, maaaring makapasok sa senior high school. Maaaring kumuha ng pagsusulit kahit hindi Hapon ang nasyonalidad kung may edad na 15 taon o higit pa sa katapusan ng taong akademiko (school year).

Pagsusulit ng Pagkilala sa Kakayahan bilang Katumbas ng Isang Nakapagtapos sa Junior High School
Oktubre 17 (Huwebes) Tanggapan ng Pamahalaang Prepektura ng Shiga Hilagang-gusali (Kita-shinkan)
5-E, Silid-pampulong (4-1-1 Kyomachi, Otsu)

Panahon ng Pagtanggap ng papeles para sa aplikasyon: Sa pagitan ng 7/1/2024~8/30/2024 (Ang may tatak na petsa ng 8/30 ay tatanggapin pa rin para sa mga pinadaan sa koreo.)

Para sa mga katanungan: Sangay ng Pamublikong Edukasyon, Shiga Prefectural Board of Education
secretariat, Pre-school, Elem. & Junior high school division TEL 077-528-4665

Sa Abril 2025 magbubukas ang pang-gabing junyor hayskul na itatatag sa Munisipal ng Konan sa Lalawigan ng Shiga "Ang Kosei Junyor Hayskul". Maaring pumasok ang mga taong hindi nakapagtapos ng junyor hayskul o ang mga hindi nagkaroon ng sapat na edukasyon dahil sa iba't ibang mga kadahilanan, tulad sa mga hindi pumasok sa paaralan. Sa junyor hayskul na ito, ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng mga klase sa loob ng apat na oras sa isang araw, limang araw sa isang linggo, at matutunan ang lahat ng mga asignatura sa junyor hayskul. Sa pagtatapos, ang mga mag-aaral ay makakatanggap ng diploma sa junyor hayskul.

Orentasyon para sa mga nagnanais na pumasok: Agosto 31, 2024 (Sabado)

Hangganang araw ng aplikasyon: Agosto 26, 2024 (Lunes)

Orentasyon para sa mga nagnanais na pumasok: Oktubre 25, 2024 (Biyernes)

Hangganang araw ng aplikasyon: Oktubre 21 (Lunes)

Sanguinian :Lupon ng Edukasyon sa Lungsod ng Konan, Sangay ng Pam-paaralang Edukasyon
TEL : 0748-77-7011

 Gusto kong matuto kaagad ng kakayahang teknikal na tulad ng welding at magtrabaho.

Sa Shiga ay mayroong Techno College para sa pagpapaunlad ng kakayahang pang-hanapbuhay sa kasunduang ang estudyante ay magtatrabaho pagkatapos ng 1 taong pag-aaral dito. May kurso sa pagdisenyo ng damit, arkitektura ng gusaling yari sa kahoy at pagpoproseso ng metal. Sumangguni sa inyong guro.

 Gusto kong magpatuloy ng pag-aaral habang nagtatrabaho.

May mga senior high school na may kursong part-time o correspondence courses. Sa part-time ay may pang-araw at pang-gabi. Sa correspondence course naman ay mag-aaral at magpapasa ng report ang mga estudyante mula sa sariling bahay sa karaniwang araw, at papasok naman sa paaralan sa araw na walang pasok. Sa mga ganitong paaralan, mayroong sistema na batay sa unit ng kinukuhang subject ang antas o level ng estudyante at hindi sa taon. Sumangguni sa inyong guro ukol dito.

 Hindi ako makapagpatuloy ng pag-aaral sa kadahilanang pinansyal.

Gamitin ang iba't-ibang sistema ng scholarship na tumutulong sa pagbabayad ng mga gastusin sa pag-aaral. Bukod sa Pondo ng Scholarship ng Shiga Prefecture, Mary St. Joseph Scholarship, atbp., mayroon ding scholarship ng sari-saring mga samahan at maaaring may sistema ng scholarship sa tinitirhang lungsod o bayan.

Kung matindi ang pangangailangang pang-pinansyal, kumunsulta sa pinapasukang paaralan, mga ahensiya o sa Board of Education ng prepektura. Mayroon ding mga pribadong educational loans.

Mga Pinagkunang Materyales

1. Buod ng Kurso sa Mataas na Paaralan (Senior High School) ng Prepektura

*mula sa “Balangkas ng Pangarap ~Mga Katangian ng Senior High School ng Shiga Prefecture~” (Kawani ng Edukasyon sa Prepektura ng Shiga)

2. Talaan para sa Admission Screening (Pagpili ng mga Aplikante) sa Senior High School ng Shiga Prefecture

* mula sa “Impormasyon sa Pagpili ng mga Aplikanteng Makakapasok sa Senior High School ng Shiga Prefecture” (Kawani ng Edukasyon sa Prepektura ng Shiga)

3. Mga pribado at iba pang mga Senior High School at Paaralang pang-teknikal sa Prepektura ng Shiga

4. Kinaroroonan ng mga Senior High School sa Shiga Prefecture

* 3 at 4: (hinalaw mula sa “Buhay-paaralan sa Junior high school at Pagpili ng Kurso 2022” 1~3 (Seksyon ng Paggabay sa Pagpili ng Kurso, Kapisanan ng Pagsasaliksik sa Edukasyon sa Senior High School ng Shiga Prefecture)

5. Talaan ng mga Sanggunian sa Lungsod at Bayan sa Loob ng Shiga Prefecture

6. Talaan ng Mga Nagtuturo ng Nihongo sa Shiga

7. Mga Grupo sa Pag-aaral at Paglilibang ng mga Bata

Ukol sa mga Kurso sa Senior High School ng Prepektura

1. Mga kursong nakatuon sa pangkalahatang edukasyon (regular na kurso)

* Simula sa akademikong taong 2025 magtatatag ng bagong departamento na nakatuon sa pangkalahatang-edukasyon maliban sa regular na kurso.

- (Mori no Tankyu-ka) Pagsasaliksik ng Kagubatan **【Ika Senior High School】**
- (Mirai Kyosou-ka) Kakayahang lumikhang-magkatuwang sa hinaharap
【Moriyama Kita Senior High School】

(1) Mga Katangian ng Regular na kurso

- Pangkalahatang Edukasyon – iniaangat ang pangkalahatang edukasyon at pinaunlad ang ang mga kinakailangang mga kakayahan para sa pipiliing kurso sa kinabukasan.
- Nilalaman – binibigyang-pansin ang mga panlahatang asignatura (subject). Mayroon ding paaralang nagtuturo ng mga teknikal na asignatura.
Panlahatang Asignatura(subjects): Pambansang Wika (*Kokugo*), Heograpiya at Kasaysayan, Araling Panlipunan, Matematika, Agham, Edukasyong Pangkatawan (PE), Sining, Wikang Banyaga, Karunungan Pantahanan, Impormasyon
- Uri – Mayroong kursong may kinalaman sa Wika at Panitikan na pangunahing pinag-aaralan ang Wikang Pambansa at Araling Panlipunan, mayroong may kinalaman sa Agham kung saan pinahahalagahan ang Matematika at Agham, atbp. Ang bawat estudyante ay maaaring makapag-aral ng naangkop sa ninanais na kurso.
- Pag-aaral batay sa Kakayahan – May mga paaralang nagtuturo ng Matematika, Ingles, atbp. batay sa kakayahan ng bawat mag-aaral.
- Mga araling kaugnay sa regular na kurso:
May mga senior high school na may itinatagang mga kursong batay sa kakayahan, likas na hilig, kursong nais kunin ng estudyante, atbp.
 - Kurso sa Edukasyong Pangkatawan(PE) – **【Ibuki】 【Echi】 【Minakuchi】**
- Kurso sa Pandaigdig na Kultura..... **【Kitaotsu】 【Minakuchi】**
 - Kurso sa Ingles – **【Maibara】**
 - Kurso sa Musika – **【Echi】**
 - Kurso sa Kapakanan(welfare) at Kalusugan**【Ishibe】**
 - Kurso sa GS (Global Science) – **【Hikone Higashi】**

(2) Espesyalidad ng Mori no Tankyu-ka (Pananaliksik ng Kagubatan) [Ika Senior High School]

